タガログ語

Paggamit ng “Happy note” ng Tsu

«Hindi naman na diagnose, pero parang may problema sa bata»

- Pwede nitong ayusin ang mga bumabalisa sa magulang o kapamilya.
  (Mapagtatanto niyo rin na hindi kayo nag-iisa)
- Pwede kayo ditong mag-iwan ng mga tamang impormasyon.
- Mapapansin niyo rin ang mga pagbabago sa inyong anak.

«Kapag natuklasan na mayroong kapansanan»

- Ito ay binder file na pwedeng niyong magamit bilang support book at mayroon itong transparent file para maipakita ang mga kinakailangang pahina sa tagasuporta.
- Pwedeng makapag-share ng mga impormasyon ang pamilya at tagasuporta. (Gamit ang file)
- Maaari kayong magtala ng mga tamang impormasyon. (Magagamit niyo ito para sa tuloy-tuloy na suporta)
- Pwede niyong mapaghandaan ang mga hindi inaasahang problema sa hinaharap.
- Maaari niyo rin itong magamit sa pag-apply para sa mga benepisyo at iba pa.
  (**Hal.** Pagpapakita nito sa opisina para mga konsultasyon at pagpaplano para hindi niyo na kailangan pang magpaliwanag mula sa simula.
- Maaari niyong ilagay sa file ang mga dokumento na kailangang ipasa bawat period o taon. (Makakatulong ito sa oras ng inyong pag-apply).

«Saan ba pwedeng mag-apply?»

- Mag-apply lamang sa Disability Welfare Division ng Munisipalidad ng Tsu o (sa bawat branch office).
  Pagkatapos niyo mag-apply, tatawag na lamang sa inyo ang miyembro ng MINGURU para sa pag-iskedyul ng araw at lugar kung saan at kailan niyo ito pwedeng kunin.

«Saan ba ito makukuha?»

- Ibibigay ito ng MINGURU sa regional disability support center ng Tsu.
- Kung nais niyo, pwede rin kaming pumunta sa mga special support school, special need class o sa opisina ng social welfare.
- Tumatanggap din kami ng indibidwal na konsultasyon at paliwanag tungkol sa paraan ng pagsulat.

※Pwede niyo ring sulatan ang application form sa oras kung kailan ito sa inyo ipinaliwanag.

「ANG MINGURU」
Ay pangalan ng aktibong grupo ng mga magulang na kwalipikado bilang parent mentor at miyembo ng Mie Autism Association na siyang pinagkakatiwalaan ng Tsu City sa pamimigay ng Happy note.

Ipinamimigay ito ng libre at walang pinipiling kapansanan sa mga batang may kapansanan na ang edad ay hanggang 18 taong gulang. Ibinibigay din ito sa mga pamilya na mayroong anak na pumapasok sa special support school sa Tsu City.

「Happy note」
Pwede kayong magsimulang magsulat sa kahit saang pahina at pwede rin kayong gumawa ng inyong original file!